

**KAGAWARAN NG MGA SERBISYO SA PAG-UNLAD**

1215 O Street, MS 7-40  
Sacramento, CA 95814  
TTY: 711  
(916) 461-0061



PETSA: Hulyo 22, 2022

PARA SA: MGA EXECUTIVE DIRECTOR NG REGIONAL CENTER

PAKSA: MGA PAGPUPULONG NG LOKAL NA KOMITE SA PAGPAPAYO SA MGA BOLUNTARYO (LOCAL VOLUNTEER ADVISORY COMMITTEE) PARA SA SELF-DETERMINATION PROGRAM

Noong Agosto 6, 2015, inabisuhan ng Kagawaran ng mga Serbisyo sa Pag-unlad (Kagawaran) ang mga regional center na inaatas sa mga Local Volunteer Advisory Committee (LVAC) para sa Self-Determination Program na sundin ang mga rekisito ng Bagley-Keene Open Meeting Act (Bagley-Keene Act) sa Government Code seksyon 11120 hanggang 11133. Ang layunin ng sulat na ito ay magbigay ng updated na impormasyon at patnubay sa pagsasagawa ng mga pagpupulong ng LVAC alinsunod sa Bagley-Keene Act.

**Pinahihintulutan ang mga Teleconference Meeting ng LVAC at Sinuspinde ang Pag-aatas ng Korum sa Pisikal na Presensya Hanggang Hulyo 1, 2023.**

Bilang tugon sa pampublikong emerhensya sa kalusugan dulot ng COVID-19, naglabas ang Gobernador ng isang Executive Order (N-25-20), na nagpapahintulot sa mga komite, kasama ang mga LVAC, na magsagawa ng mga teleconference meeting at sinususpinde ang pag-aatas ng korum sa pisikal na presensya sa ilalim ng Bagley-Keene Act. Ang Executive Order na ito, kasama ang Assembly Bill 361 (Chapter 165, Statutes ng 2021), ay nagtatakda sa pansamantalang mga pleksibilidad sa pang-malayuan, hangga't naa-access ng publiko nang elektroniko ang mga naturang pagpupulong. Noong Enero 5, 2022, nagpalabas ang Gobernador ng follow up na Executive Order (N-1-22), na nagpapalawig sa mga pleksibilidad na ito sa pang-malayuan hanggang Abril 1, 2022.

Pinapalawig ng Senate Bill 189 (Chapter 48, Statutes ng 2022), ang mga pleksibilidad na ito ng Bagley-Keene Act hanggang Hulyo 1, 2023. Partikular na, nagsasagawa ang SB 189 ng mga pagbabago sa Government Code section 11133, na nagbabago sa mga rekisito na magpapahintulot sa mga entidad ng estado, kabilang ang mga LVAC ng mga regional center, na magsagawa ng mga bukas na teleconference meeting at pahintulutan ang pakikilahok ng publiko, habang binabawasan din ang maaaring pagkakahantad sa COVID-19.

Epektibo mula Hulyo 1, 2022 hanggang Hulyo 1, 2023, pinahihintulutan ang mga LVAC na magsagawa ng pampublikong pagpupulong sa pamamagitan ng teleconferencing

**"Bumubuo ng mga Partnership, Sumusuporta sa mga Pagpili"**

## MGA EXECUTIVE DIRECTOR NG REGIONAL CENTER

Hulyo 22, 2022

Ikalawang Pahina

hangga't ginagawa nilang maa-access ang mga pampublikong pagpupulong sa pamamagitan ng telepono, o kung hindi man, nang elektroniko, ng lahat ng miyembro ng publiko na nais obserbahan ang LVAC at makipag-ugnay dito sa ilalim ng mga sumusunod na kondisyon:

- Ang mga regional center at mga LVAC ay dapat magbigay ng abiso nang maaga nang hindi bababa sa 10 araw tungkol sa agenda ng lahat ng bagay na tatalakayin o aaksyunan sa panahon ng pagpupulong.
- Dapat tukuyin sa abiso at agenda ang: (1) oras at petsa ng pagpupulong; (2) mga tagubilin kung paano maaaring obserbahan ng publiko ang pagpupulong at magbigay ng pampublikong komento, tulad ng mga tagubilin sa pagtawag na may numero ng telepono o link sa teleconference ng pagpupulong; (3) maikling paglalarawan ng mga bagay na tatalakayin o aaksyunan; at (4) impormasyon tungkol sa kung paano maaaring humiling at makakuha ang indibidwal ng pagbabago o akomodasyon na may kaugnayan sa kapansanan, at o interpreter/facilitator.
- Dapat maa-access ng publiko ang teleconference meeting. Dapat i-post ang isang kopya ng abiso at agenda sa website ng regional center sa isang madaling mahanap na lokasyon. Ang mga abiso at agenda ay dapat ding ipadala sa lahat ng miyembro ng LVAC at miyembro ng publiko na nagbigay ng kanilang contact information.
- Ang paraang teleconference na ginamit sa mga pagpupulong ng LVAC ay dapat pahintulutan ang mga miyembro ng publiko na tumugon sa pagpupulong sa malayuang lokasyon.
- Dapat kasama sa agenda ang mga tagubilin sa kung paano maaaring maobserbahan ng publiko ang pagpupulong at makapagbigay ng pampublikong komento. Kung mayroong pagbabago sa paraan kung paano maaaring obserbahan ng publiko ang pagpupulong at makapagbigay ng pampublikong komento, maaaring i-advertise ng mga regional center at LVAC ang mga nirebisang tagubilin gamit ang pinakamabilis na mga uri ng komunikasyon na maaari sa panahon na iyon. Kasama dapat sa naturang komunikasyon ang, ngunit hindi limitado sa, pagpo-post ng mga tagubilin sa internet website ng regional center.
- Hindi kailangang maglaan ng pisikal na lokasyon ang mga regional center at LVAC kung saan maaaring maobserbahan ng publiko ang pagpupulong at magbigay ng pampublikong komento.

## MGA EXECUTIVE DIRECTOR NG REGIONAL CENTER

Hulyo 21, 2022

Ikatlong Pahina

- Dapat magpatupad ang mga regional center at mga LVAC ng pamamaraan ng pagtanggap at mabilis na pagresolba ng mga kahilingan para sa makatuwirang pagbabago o akomodasyon mula sa mga indibidwal na may kapansanan, alinsunod sa pederal na Americans with Disabilities Act ng 1990 (42 U.S.C. Sec. 12101 et seq.) at pagreresolba ng anumang pagdududa tungkol sa pag-access.
- Dapat ianunsyo ng mga regional center at mga LVAC ang pamamaraan ng pagresolba ng mga kahilingan para sa makatuwirang pagbabago o akomodasyon sa tuwing may ibinigay na abiso tungkol sa paraan kung paano maaaring maobserbahan ng publiko ang pagpupulong at magbigay ng pampublikong komento.
- Hinihikayat ang mga regional center at mga LVAC na gumamit ng makatuwirang pagpapasya at magsagawa ng makatuwirang mga pagsisikap para tumalima nang mahigpit hangga't maaari sa mga naaangkop na probisyon ng Bagley-Keene Open Meeting Act, upang ma-maximize ang pagiging transparent at makapagbigay sa publiko ng access sa mga pagpupulong ng LVAC.

Epektibo mula Hulyo 1, 2022 hanggang Hulyo 1, 2023, ang mga sumusunod na rekisito para sa mga pampublikong pagpupulong na nakatakda sa Bagley-Keene Act ay **sinususpinde**:

- Ang lahat ng rekisito ng Bagley-Keene na nangangailangan ng pisikal na presensya ng mga miyembro, ng clerk o iba pang kawani ng LVAC, o ng publiko, bilang kondisyon ng pakikilahok sa o korum para sa isang pampublikong pagpupulong.
- Ang bawat lokasyon ng teleconference kung saan lalahok ang isang miyembro ng LVAC sa isang pampublikong pagpupulong o paglilitis ay dapat tukuyin sa abiso at agenda ng pampublikong pagpupulong o paglilitis.
- Dapat maging maa-access ng publiko ang bawat lokasyon ng teleconference.
- Maaaring makipag-ugnay ang mga miyembro ng publiko sa LVAC sa bawat lokasyon ng teleconference.
- Dapat nakapaskil ang mga agenda sa lahat ng lokasyon ng teleconference.
- Dapat pisikal na naroroon ang kahit isang miyembro ng LVAC sa lokasyon na tinukoy sa abiso tungkol sa pagpupulong.

MGA EXECUTIVE DIRECTOR NG REGIONAL CENTER

Hulyo 21, 2022

Ikaapat na Pahina

Lubos na hinihikayat ng Kagawaran ang mga LVAC na ipanumbalik ang mga regular na pagpupulong at isagawa ang mga ito sa paraang alinsunod sa mga rekisitong itinakda sa sulat na ito at sa SB 189.

Para sa mga tanong tungkol sa sulat na ito, mangyaring makipag-ugnayan kay Tim Travis, sa [Tim.Travis@dds.ca.gov](mailto:Tim.Travis@dds.ca.gov) o sa (951) 394-0590.

Taos-puso,

MARICRIS ACON

Deputy Director

Dibisyon ng mga Programang Pederal

cc: Mga Administrador ng Regional Center  
Mga Direktor ng mga Serbisyo sa Konsumidor ng Regional Center  
Mga Direktor ng mga Serbisyo sa Komunidad ng Regional Center  
Asosasyon ng mga Ahensya ng Regional Center  
Konseho ng Estado sa mga Kapansanan sa Pag-unlad  
Disability Rights California

cc: Nancy Bargmann, DDS  
Brian Winfield, DDS  
Carla Castañeda, DDS  
Jim Knight, DDS  
Ernie Cruz, DDS  
Aaron Christian, DDS  
Tim Travis, DDS